# Yunit I
# Ako ay Mabuting Kasapi ng Pamilya



## Aralin 1: Ako ay Natatangi

Kumusta? Ano ang pangalan mo?
Ano-ano ang mga hilig mo?
Kaya mo bang gawin ang ginagawa ng mga bata sa larawan?





## Alamin

Ito ang mga batang sina Aya at Buboy.
Si Aya ay masiglang kumanta at maglaro.





Si Buboy ay mahusay magdrowing at sumayaw.





Masayahin sina Aya at Buboy.
Mahal sila ng kanilang mga magulang.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang hilig ni Aya?
2. Ano ang paboritong gawin ni Buboy?
3. Bakit sila mahal ng kanilang pamilya?

Ikaw naman, ano ang hilig mo?

Kulayan mo ang larawan ng mga gawaing hilig mo.














## Alamin

Bawat bata ay may hilig na gawin.
Bawat bata ay may kayang gawin.
Aling larawan kaya ang magpapakita na gusto nila ang kanilang ginagawa?  Bilugan ang sagot.





Tingnan ang larawan.
Masaya kaya ang mga batang ito?




Ikaw, ano naman ang hilig mong gawin?
Ano ang kaya mong gawin?
Masaya ka ba kapag ginagawa mo ito?
Paano mo kaya mapahuhusay ang hilig mong ito?
Paano kung hindi mo hilig ang iyong ginagawa?

Aling larawan naman ang nagpapakita ng iyong nararamdaman?

Bakit kaya ganito ang nadarama mo?

a. Dahil ba nahihirapan ka?
b. Dahil ba hindi mo alam gawin ito?

Madali lamang iyan.

a. Magtanong ka sa iba.
b. Magpaturo ka sa kanila.



## Isagawa

Kaya mo bang gawin ang mga gawaing sumusunod?

### Gawain 1: Halina’t Magpakilala

Hatiin ang klase sa ilang grupo.
Maupo nang pabilog.



Ipakilala ang bawat sarili.
Sagutin nang pasalita ang sumusunod.

1. Ano ang pangalan mo?
2. Ilang taon ka na?
3. Ano-ano ang mga hilig mong gawin?

## Gawain 2: Maglaro Tayo

Tingnan ang mga larawan.
Tanungin ang kaklase kung alin dito ang hilig niya.
Ipasulat ang pangalan niya sa larawang pinili.
Umikot at tanungin ang iba pang mga kaklase.
Unahang makapuno ng pirma sa mga larawan.



## Gawain 3

Ano kaya ang madarama mo sa mga sitwasyong ito? Iguhit mo ang iyong mukha sa loob ng bilog.

1. Sumali ka sa kontes at nanalo ka.

2. Malapit ka nang tawagin upang tumula.

3. Hindi ka nanalo sa pag-awit.

4. Dumating ang iyong mga pinsan.
   Pinilit ng iyong nanay na umawit ka.

Pag-usapan ang mga sagot.
Bakit ganito ang iyong nadarama?

**Gawain 4**

Ang sabi natin, kapag hindi mo alam, matutulungan ka ng iba.

Alin sa mga sumusunod ang makatutulong sa iyo upang mapahusay ang iyong nalalaman?

Makinig sa babasahin ng guro. Lagyan ng tsek (✓) ang iyong sagot.


_____ 1. Nagtatanong ako sa Nanay kapag hindi ko maintindihan ang aralin.

_____2. Nagtatago ako sa kwarto kapag sa palagay ko ay mali ang aking ginagawa.

_____3. Tinatandaan ko ang mga pangaral sa akin ng Tatay.

_____4. Nagpapatulong ako kay Ate o Kuya.

_____5. Umiiyak ako kapag mayroon akong hindi magawa.



## Isapuso

Ngayon ay alam mo na.
Ikaw ay isang natatanging bata.
Tuklasin mo kung ano ang iyong kayang gawin.
Pahusayin mo pa ang iyong nalalaman.
Kung mayroon ka namang gustong gawin,
na parang hindi mo kaya,
magtanong ka,
magpatulong ka.
Sa ganito, matututo ka.

**Tandaan**

Ang bawat bata ay natatangi.

Ang bawat batang katulad mo ay may kakayahan.

Paunlarin mo ang iyong sarili.






## Isabuhay

Kilala mo na ba ang iyong sarili?
Alam mo na ba ang mga kaya mong gawin?
Iguhit mo sa ibaba ang mga hilig mong gawin.

Ngayon, iguhit mo naman ang mga hilig na gusto mo pang matutuhan.

Paano mo matututuhan ang mga gawaing gusto mong mapag-aralan?



## Subukin

Makinig sa babasahin ng guro.
Ano kaya ang gagawin mo kung ikaw ang batang tinutukoy? Bilugan ang titik ng kilos na iyong gagawin.

1. Mahilig kang umawit.
   Nais mong iparinig ito sa iyong lolo at lola.
   Ano ang gagawin mo?
   a. Hindi ako kakanta. Nahihiya ako.
   b. Aawitan ko sila.

2. Maliksi ka sa larong takbuhan.
   Pero minsan, nadapa ka sa pagtakbo.
   Ano ang gagawin mo?
   a. iiyak ako at uuwi na.
   b. Pipilitin kong tumayo. Kung may sugat ako, hihingi ako ng tulong.

3. Gusto mong gumawa ng saranggola.
   Pero hindi mo alam kung paano.
   Ano ang gagawin mo?
   a. Magpapaturo ako.
   b. Hindi na lang ako gagawa ng guryon.

## Aralin 2: Inaalagaan Ko ang Aking Sarili

Tingnan mo ang larawan ng magkapatid na ito, sina Mila at Sam.

Pareho silang matalino.
Pareho silang may kakayahan.

Pero, may bagay na naiiba sa kanila.
Mahuhulaan mo kaya kung ano ang naiiba?





Sagutin mo ito.

1. Si Sam ay ________________.
2. Si Mila ay ________________.

Kung ganito sila,

magiging mahusay kaya si Sam?
magiging mahusay kaya si Mila?
Bakit?
Alam mo ba?

Mahalaga ang alagaan ang sarili.
Kahit marami kang alam.
Kahit marami kang talento.
Kung sakitin ka naman,
paano mo maipakikita ito?

Tingnan mo ang magkapatid na
Aya at Buboy.
Mahal nila ang kanilang sarili.
Kaya palagi silang
malinis.
Kumakain sila ng
tamang
pagkain.
Hindi sila nagkakasakit.
Inaalagaan nila ang
kanilang kalusugan.





Tingnan natin ang ginagawa nila sa umaga pagkagising.

Umaga na.
Maagang ginising ng Nanay sina Alan at Bea.
Gising na, Aya.
Gising na, Buboy.



Pagkagising, sila ay naligo.
Nagsepilyo ng ngipin.
Nagbihis ng malinis na damit.
Pagkatapos, handa na silang kumain.





May pasok sa paaralan.
Papasok na sina Aya at Buboy.
Nagpaalam na sila.




Sagutin ang mga katanungan.

1. Sino-sino ang papasok sa paaralan?
2. Paano sila naghanda sa pagpasok?
3. Ano-ano ang ginawa nila pagkagising?

Naghahanda ka rin ba sa pagpasok sa paaralan?

Ikwento mo sa klase ang iyong mga ginawa bago pumasok.

Ang ginawa nina Alan at Bea ay mabuti
para sa kanilang kalusugan.
Ginawa nila ito upang maging malinis.
Ang batang malinis ay hindi agad nagkakasakit.



Pag may sakit ang isang bata,
magagawa kaya niya ang mga bagay na gusto
niyang gawin?




O, ikaw naman.
Alin-alin sa mga sumusunod ang iyong ginagawa para maging maayos sa katawan?

Kulayan ang iyong sagot.










## Isaisip

Bakit nga ba kailangan nating maging malinis?
Naisip mo ba?
Ang batang malinis ay malayo sa sakit.



Pag wala kang sakit, magagawa mo ang mga bagay na hilig mo.





**Isagawa**

May mga bagay tayong ginagamit upang tayo ay maging malinis.

Hanapin ang mga bagay na ito at kulayan.



## Gawain 2

Ang tamang pagkain ay kailangan natin upang maging malusog.

Tandaan mo, ang batang malusog ay masigla. Kung kaya, kailangan mong kumain ng tamang mga pagkain.

Alin kaya sa mga pagkaing ito ang magpapalusog sa iyo?

Bilugan ito.






















**Gawain 3**

May mga gawaing mabuti para sa ating katawan. Mayroon din namang masama para sa ating kalusugan.


Tingnan ang mga larawan.
Lagyan ng tsek (✓) ang gawaing mabuti para sa ating katawan. Lagyan ng ekis (×) ang gawaing masama para sa ating katawan.











## Isapuso


Sagutin ang sumusunod.
Bilugan ang wastong sagot sa loob ng panaklong.

1. Ano ang buting dulot ng pagiging malinis?
   Ako ay magiging (payat, malusog).

2. Ano ang buting dulot ng pagiging malusog?
   Ako ay magiging (masigla, mahina).

3. Ano ang mangyayari kung ikaw ay palaging masigla?

   a. Ako ay makapag-aaral nang
      (mabuti, di- mabuti).



b. Ako ay
(magkakasakit, di-magkakasakit).

c. Ako ay
(makapaglalaro di-makapaglalaro).



d. Ang aking hilig at paboritong gawain ay
(magagawa ko, di ko magagawa).

**Tandaan:**

Alagaan ang sarili.
Maging malinis.
Kumain nang tama.
Huwag pabayaan ang sarili.





## Isabuhay

Makinig na mabuti.
Sabihin kung **tama** o **mali** ang ginagawa ng batang ikukwento ng guro. Kung mali, sabihin kung bakit mali ang gawaing ito,


1. Si Elsa ay mahilig sa *popcorn* at mga kending tsokolate. Araw-araw ay nagpapabili siya ng ganito sa kanyang Nanay.

2. Ugali ni Danilo na maghugas ng kamay bago kumain.

3. Minsan ay nagkasakit si Eric. Kailangan niyang uminom ng gamot. Pero takot si Eric sa gamot. Umiyak siya nang umiyak nang bibigyan ng gamot ng kanyang nanay.

4. Bago matulog ay nagsesepilyo ng ngipin ang magkapatid na Boyet at Eppie.


5. Tuwang-tuwa sina Denden at Rico. Naglalaro sila sa tubig-baha sa kalye.






## Subukin

O, alam mo na ba kung paano mo maaaring alagaan ang iyong sarili?

A. Pagtambalin ang mga larawan at ang mga bahagi ng katawang nililinis nito.







B. Isulat ang **T** kung mabuti para sa ating kalusugan ang sinasabi ng pangungusap. Isulat naman ang **M**, kung mali.

_____1. Kumain ng gulay.

_____2. Magsepilyo ng ngipin pagkatapos kumain.

_____3. Maglaro sa gitna ng matinding init ng araw.

_____4. Mag-ehersisyo palagi.

_____5. Maglaro sa buong maghapon.

_____6. Matulog nang maaga.

_____7. Maglaro sa tubig-baha.

_____8. Ugaliin ang palaging paghuhugas ng kamay.

_____9. Uminom ng kape sa umaga.

____10. Magpalit ng damit kapag napawisan.

C. Buuin ang pangungusap. Bilugan ang tamang salita.

1. Ang kalinisan ay daan sa ____________________.
   (kagandahan, kalusugan)

2. Kumain ng gulay upang humaba ang ating ___.
   (kamay, buhay)

3. Ang kalusugan ay ______________ ng ating kakayahan.
   (nakalilinang, nakasisira)


4. Sa pagpapakita ng ating talento, tayo ay nagiging ______________.
   (masaya, malungkot)



## Aralin 3: Mahal Ko ang Aking Pamilya

Tingnan mo ang larawan.

Ito ang pamilya ni Mang Edwin.
Namamasyal sila.
Ang sasaya ng mga batang sina Aya at Buboy.
Pati na rin ang kanilang mga magulang
na sina Aling Nene at Mang Edwin.



Sa parke, nagbisikleta si Aya.
Nagpalipad naman ng saranggola si Buboy.
Tuwang-tuwa sila.






Alam mo ba kung bakit sila masasaya?
Kasi palagi silang magkakasama.
Sama-sama silang namamasyal.
Sama-sama rin sila sa paggawa ng mga gawaing-bahay.





Pagkatapos nilang gumawa
ng mga gawaing-bahay,
sama-sama naman sila sa pagkain.


O, ang saya, hindi ba?



Sagutin ang mga tanong.

1. Paano tumulong sina Aya at Buboy sa pamilya?

2. Ano ang ginawa ng pamilya pagkatapos?



## Alamin

Kung walang kakayahan sina Aya at Buboy,
makatutulong kaya sila sa pamilya?

Alam mo, pag tumutulong sila,
tuwang-tuwa ang Nanay at ang Tatay.

Minsan naman, dumalaw sila sa Lolo at Lola.
Kumanta si Aya.

Ito ang kanyang awit:

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala.
Sayang lang pera ko
Pambili ng lobo
Sa pagkain sana
Nabusog pa ako.



Tuwang-tuwa ang Lolo at
Lola.

Niyakap nila si Aya.

Ang sabi naman ni Buboy,

"Lola, sasayaw po ako."

At sumayaw si Buboy.

Tuwang-tuwa ang mag-anak.

Kay saya nila.



Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit masaya ang pamilya?
2. Ano ang ginawa ni Aya?
3. Ano ang ginawa ni Buboy?
4. Mahal kaya ng Nanay at Tatay ang mga bata?
5. Mahal din kaya sila ng Lolo at Lola?



## Isaisip


Ikaw, napasasaya mo rin ba ang iyong pamilya? Paano? Ikwento mo nga.

Alin sa mga larawan sa ibaba ang nagpapakita ng masayang pamilya? Kulayan ang sagot.









## Isagawa

### Gawain 1

Magkwentuhan tayo.
Paano mo napasaya ang iyong pamilya?
Maupo nang paikot.
Ikwento ang ilang masasayang karanasan sa pamilya.

Halimbawa:

1. Kailan kayo nagsama-sama?
2. Sinu-sino kayo?
3. Nag-awitan ba kayo?
4. Nagsayawan ba kayo?
5. Nagpakita ka ba ng kakaibang kakayahan?
6. Napasaya mo kaya sila?



**Gawain 2**

Ang mga gawain kayang ito ay nagpapakita ng masayang pamilya?   Bilugan ang **opo** o **hindi po.**

Opo   Hindi po 1.  Tumutulong si Aya sa paglilinis ng mesa.

Opo   Hindi po 2.  Sinisigawan ni Ella ang kanyang ate.

Opo   Hindi po 3.  Naglalaro ng bola ang Tatay, ang kuya at si ate.

Opo   Hindi po 4.  Umaawit ang Nanay at Tatay, kasabay ng mga bata.

Opo   Hindi po 5.  Palaging nag-aaway ang mga anak.


Pumili ng kapareha at pag-usapan ang iba pa ninyong ginagawa para mapasaya ang pamilya.




## Gawain 3

Mahal mo ba ang iyong pamilya?
Paano mo ipinakikita na mahal mo sila?
Gumawa ng kard na nagpapakita na mahal mo ang iyong Nanay at Tatay.

1. Kumuha ka ng isang malinis na *coupon bond.*
2. Gumuhit ng puso.
3. Kulayan ito.
4. Isulat mo ang pangalan ng Nanay o Tatay.
5. Isulat mo rin ang iyong pangalan.



Ngayon, ibigay mo na ang kard sa iyong mga magulang.



## Isapuso

Natuwa ba ang Nanay o ang Tatay sa ginawa mong kard?

Naisip mo ba?

Dahil sa iyong kakayahan ay nagpasaya ka ng iba? Siguro, marami ka pang magagawa para mapasaya sila.

Mag-isip.
Paano mo nga ba sila mapasasaya?
Paano mo maipakikitang mahal na mahal mo sila?
Iguhit ang sagot.



**Tandaan**

Mahalin natin ang ating pamilya.
Pasayahin natin sila.
Gamitin natin ang ating mga kakayahan para mapasaya sila.



## Isabuhay

Sabihin kung **tama** o **mali** ang ginagawa ng batang ikukwento ng guro. Makinig na mabuti.
Kung mali, sabihin kung bakit mali ang ginagawa niya.

1. Kaarawan ng Nanay. Maagang gumising si Nita. Hinalikan niya at binati ang Nanay.

2. Masayang magkwento si Dan. Iyon ang kanyang katangian. Pag-uwi niya sa eskwela, ugali na niya na magkwento sa Lola ng kanyang mga ginawa sa paaralan.

3. May ginagawa ang Tatay sa bakuran. Tinawag niya si Nilo. Ipinaaabot nito ang walis at pandakot. Pero, kunwari ay hindi ito naririnig ni Nilo. Hindi siya kumilos.

4. Habang naglalaba ang Nanay, inaalagaan naman ni Rica ang kanyang batang kapatid. Kinakantahan niya ito para makatulog. Ganito ang awit niya,

   “Meme na, Baby,
   Tulog na. Meme na.”

5. Mahusay gumuhit si Lando. Minsan, iginuhit niya ang isang parol. Kinulayan niya ito at ibinigay sa kanyang Tita bilang pagbati sa araw ng Pasko.



## Subukin

Ngayon, alam mo na ba kung ano-ano ang magagawa mo para mapasaya mo ang iyong pamilya?

Umisip ng isang okasyon kung saan ay sama-sama ang inyong mag-anak. Paano mo kaya sila pasasayahin? Paano mo ipakikita na mahal mo ang iyong mga kaanak?


Iguhit sa papel ang iyong sagot.
Kulayan mo ito.

Ipakita mo sa iyong guro ang iyong iginuhit. Ikwento mo sa kanya ang tungkol sa larawang iyong ginawa.


# Yunit 2
# Mahal Ko ang Aking Kapwa



# Aralin 1: Alam Ko ang Damdamin ng Iba









Ano ang nakikita mo sa larawan? Ginagawa mo rin ba ang mga ito? Ano ang nararamdaman mo tuwing nakagagawa ka ng mabuti sa iyong kapwa?

Sa araling ito, mahalaga na malaman mo rin ang nararamdaman ng iba. Kung minsan may mga bagay tayong ginagawa na nakakasakit pala ng damdamin. Kaya marapat na maging maingat sa pagsasalita at sa paggawa ng anumang bagay o kilos na makakasakit ng kanilang damdamin.

Bago mo simulan ang mga gawain, maaari mo bang tanungin ang iyong sarili?



## Alamin

Panuto: Gaano kadalas mo ginagawa ang mga sitwasyon sa ibaba? Lagyan ng tsek ✓ ang iyong sagot. Babasahin ko para sa inyo.

| | **Palagi** | **Paminsan - minsan** | **Hindi** |
|---|---|---|---|
| 1. Iniiwasan ko ang sumagot kung hindi ako tinatawag. | | | |
| 2. Iniiwasan ko ang magsalita kung may nagsasalita na. | | | |
| 3. Gumagawa ako nang tahimik upang hindi makaabala sa iba. | | | |
| 4. Iniiwasan kong sigawan ang aming kasambahay o katulong. | | | |
| 5. Iniwasan kong magsalita ng masama sa iba. | | | |
| 6. Iniiwasan kong makasakit ng damdamin ng aking kapwa. | | | |
| **Kabuuan** | | | |



## Isaisip

Balikan mo ang iyong mga sagot. Palagi mo bang ginagawa ang mga sitwasyon? Paminsan-minsan o hindi mo ginagawa?

Magiging masaya ka ba kung paminsan-minsan ay hindi mo tinitignan ang damdamin ng iyong magulang, guro, kamag-aral at kapwa?

May mga paraang maaari mong gawin upang maipakita ang iyong pagdama sa nararamdaman ng iba.

- Paggamit ng mga salitang di nakasasakit ng damdamin ng iba
- Paggawa ng mabuti sa magulang, kapatid, bata, nakatatanda at sa kapwa'
- Pagmamahal sa pamilya, guro, kaklase at iba pa

Mahalagang tandaan ang sumusunod:

1. Iwasang magsalita ng masama sa kapwa.

2. Tingnan ang nagagawang mabuti ng kapwa.

3. Magtiwala sa kayang gawin ng mga kaklase.

4. Iwasan ang manigaw sa mga  kasambahay.

5. Gumawa nang tahimik upang hindi makaabala sa iba.

6. Makipag-usap ng may katamtamang lakas ng boses.

7. Lumakad nang marahan lalo na kung mayroong  natutulog at  maysakit.



**Isagawa**


**Gawain 1**

Basahin:

| |
|---|
| Parating ang pinsan nina Amy ay Tony na si Isay mula sa probinsya.  May sakit  ito at  kailangang magpagamot. Umiisip sila ng paraan kung paano nila  mapapasaya si Isay.<br>Maaari mo ba silang tulungan magplano sa mga dapat gawin upang mapasaya si Isay? |

Kulayan ang  ng pula kung ang larawan ay maaaring makapagpapasaya kay Isay.







## Gawain 2

Iguhit ang kaya mong gawin upang mapasaya ang maysakit na si Isay.

## Gawain 3

Kulayan ang larawang nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.














## Isapuso

Tingnan ang larawan. Nagawa mo na ba ang kumuha ng laruan na hindi sa iyo?




Kung ikaw kaya ang inagawan, ano ang mararamdaman mo?

Makakasakit ng damdamin ang ilan sa maaaring nagawa nating mali. Ano ang maaari mong gawin upang mawala ang tampo ng isang kaibigan sa iyo? Iguhit sa papel ang iyong sagot.

**Tandaan**

"Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa iyo."



## Isabuhay

Pakinggan ang kalagayang sasabihin ng guro gaya ng:


"Ipalagay mo na nakasakit ka ng damdamin ng kapwa. Paano mo kaya ipakikita na nagkamali ka?"

Gawin ang sumusunod:

1. Pumili ng isang partner. Magpalitan ng ideya kung ano ang magagawa upang maalis ang tampo ng kapwa.

2. Bumuo ng isang pangkat na maaaring magkaroon ng sampung kasapi. Ibahagi ang napag-usapan sa tambalan.

3. Ipakitang-kilos ang napag-usapan.



## Subukin

### Iguhit Mo ang Sagot Mo!


Panuto: Iguhit ang ☺ kung ginagawa mo ang sinasabi ng pangungusap at ☹ kung hindi.

| | |
|---|---|
| | 1. Gumagawa ako nang tahimik upang hindi makaabala sa iba. |
| | 2. Iniiwasan ko ang sumagot kung hindi tinatawag. |
| | 3. Nakikipag-unahan ako sa pagbili ng pagkain kung rises. |
| | 4. Tinutulungan ko ang kaklase kong may kapansanan. |
| | 5. Sinisigawan ko ang aming katulong o kasambahay. |

# Aralin 2: Ako ay Magalang sa Lahat








Sa araling ito, higit mong makilala na mahalaga ang paggalang sa kapwa..

May kasabihan tayo na "Ang batang magalang ay kinalulugdan."



## Alamin

Panuto: Gaano mo kadalas gamitin at gawin ang nasa ibaba. Lagyan ng ✓ang iyong sagot.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Kumakatok ako bago pumasok sa pintuan. | | | |
| 2. Binabati ko ang aking mga magulang, kasambahay, guro at mga opisyal ng paaralan sa tuwing sila ay aking makikita. | | | |
| 3. Gumagamit ako ng salitang "Pakiusap" at "Salamat". | | | |
| 4. Pinapapasok at pinauupo ko ang mga bisitang dumarating sa aming bahay o paaralan. | | | |

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 5. Ginagamit ko ang “Po” at “Opo” kapag nakikipag-usap ako sa matatanda. | | | |
| 6. Nakikinig ako kung kausap ang kapwa ko bata | | | |
| 7. Magalang akong nakikipag-usap sa telepono. | | | |
| 8. Nagpapaalam ako nang maayos bago ako lumabas ng klasrum. | | | |
| 9. Iniiwasan kong pagtawanan ang aking mga kalaro at kaklase. | | | |
| 10. Nagpapaalam ako sa aking kalaro o kaklase bago ko gamitin ang kanyang mga gamit. | | | |



## Isaisip

Basahin ang tula:

### ANG PO AT OPO

Ang bilin sa akin ng ama't ina ko,
maging matulungin, mamumupo ako.
Kapag kinakausap ng matandang tao,
sa lahat ng oras, sa lahat ng dako.

Kung ang kausap ko'y matanda sa akin
na dapat igalang at dapat pupuin.
Natutuwa ako na bigkas-bigkasin,
ang Po at ang Opo nang buong giliw.

Sagutin:

1. Ano ang bilin ng ama at ina sa tula?
2. Kailan dapat gamitin ang **po** at **opo**?
3. Ginagamit mo rin ba ang **po** at **opo** sa pakikipag-usap sa matatanda?
4. Ano-ano pang mga magagalang na pananalita ang ginagamit mo sa pakikipag-usap?

Ang paggalang ay isang napakahalagang gawi o ugali ng isang Pilipino. Ito ay isa sa mga tatak ng Pilipino.

Tandaan ang mga ito:

1. Sa paggalang sa nakatatanda
   Gumamit ng sumusunod na salita sa pakikipag-usap:
   - Po at opo
   - Salamat po
   - Wala pong anuman
   - Paalam na po

2. Sa pagbati
   - ✓ Magandang umaga po
   - ✓ Magangdang tanghali po
   - ✓ Magandang hapon/gabi po

3. Sa paghingi ng pahintulot
   - ✓ Maaari po bang _________?
   - ✓ Paki __________ nga po.
   - ✓ Makiki______ po.

4. Sa pakikipag-usap sa kapwa bata
   - ✓ Gumamit ng
     - Salamat./Walang anuman.
     - Paalam.
   - ✓ Bumati sa kalaro, kaibigan, kaklase ng "Magandang umaga/tanghali/hapon o gabi."

✓ Humingi ng pahintulot bago gamitin ang anumang gamit ng kalaro, kaibigan at kaklase at isauli ang anumang gamit na ginamit o hiniram.



## Isagawa

**Gawain 1**

Panuto: Gumawa ng diyalogo tungkol sa sitwasyon. Punan ang "Speech Balloon" sa bawat kahon.


Pumasok ka sa Tanggapan ng inyong Punongguro. Ano ang sasabihin mo?



Dumalaw ang iyong Lola sa inyong tahanan.




Humiram ka ng aklat sa iyong kaklase at isinauli mo ito pagkatapos mong gamitin.



## Gawain 2

Panuto: Piliin at kulayan ang larawan na nagpapakita ng pagiging magalang.










## Gawain 3

Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat ang magalang na pananalitang angkop gamitin. Gawin ito sa papel.


1. Papasok ka na sa paaralan. Ano ang sasabihin mo kay Nanay at Tatay?

2. Binigyan ka ng iyong kapatid ng munting regalo sa iyong kaarawan. Ano ang sasabihin mo?

3. Nag-uusap sa may pintuan ang iyong guro at punongguro. Gusto mong pumasok sa loob ng inyong silid. Ano ang sasabihin mo?

4. Naligaw ka ng daan pauwi sa inyong bahay. Nakakita ka ng tindahan at ikaw ay nagtanong. Ano ang sasabihin mo?

5. Dumating ang lola mo isang umaga sa inyong bahay. Ano ang sasabihin mo?



**Isapuso**

Pagnilayan ang mga salawikaing ito.

| |
|---|
| Ang batang magalang, mahal ng magulang. |
| Ang gumagalang sa matatanda,<br>pinagpapala. |
| Ang po at ang opo, mga susing ginto<br>na siyang pinagbubukas ng pinto ng puso. |
| Ang batang magalang dangal ng magulang. |
| Ang batang magalang ay kinatutuwaan. |

Kung ikaw ay batang magalang sa lahat ng oras, sa lahat ng dako, ano sa palagay mo ang magiging tingin ng tao sa iyo. Iguhit sa papel.



## Isabuhay

1. Bumuo ka ng pangkat ng 4 na bata. Gumawa kayo ng islogan tungkol sa paggalang.

2. Isulat sa ¼ na kartolina at lagyan ng dekorasyon.

3. Ipaskil sa loob at labas ng silid-aralan.



## Subukin


### Iguhit Mo ang Sagot Mo!

Panuto: Iguhit ang ☺ kung ginagawa mo ang sinasabi ng pangungusap at ☹ kung hindi.

| | |
|---|---|
| | 1. Sumasali ako sa usapan ng matatanda kung hindi ako kinakausap. |
| | 2. Iniiwasan ko ang magsalita kung may nagsasalita na. |
| | 3. Ibinibigay ko ang aking upuan sa matatanda at may kapansanan:<br>• sa sasakyan |


| | |
|---|---|
| | • sa simbahan |
| | • sa palatuntunan |
| | 4. Humahalik o nagmamano sa magulang at mga nakatatanda. |
| | 5. Gumagamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap:<br>• Salamat po |
| | • Walang Anuman |
| | • Magandang umaga/hapon/gabi po |
| | • Makikiraan po |
| | • Pakiabot po |
| | • Paalam na po |
| | • Maaari po bang magtanong? |
| | 6. Iginagalang ko ang karapatan ng kapwa ko bata. |

# Aralin 3: Ako ay Matapat sa Lahat ng Oras





Tapat ka ba sa iyong sarili at sa iyong kapwa? Nagsasabi ka ba ng totoo? Ano ang pakiramdam kapag nagsasabi ka ng totoo?

Sa nakaraang aralin, pinag-aralan mo ang pagiging magalang sa lahat ng oras. Sa araling ito pupunta naman tayo sa pagiging matapat. Alam mo ba ang kahulugan ng pagkamatapat?




## Alamin


Basahin ang bawat sitwasyon. Bilugan ang  kung nagsasabi ng tapat at  kung hindi.




1. Nagpaalam si Anna sa Nanay na pupunta siya sa parke subalit sa bahay ng kaklase siya pumunta.




2. Sinabi ni Allan sa kanyang guro na siya ang nakabasag ng plorera.



3. Sobra ang sukli ng tindera kay Marilyn at hindi niya ito isinauli.



4. Kumuha ng pera sa pitaka ni Nanay si Andrei nang hindi nagpaalam.




5. Nakapulot si Liza ng payong. May pangalan ito at nagkataong sa kanya itong kaklase kaya naibalik niya ito.



## Isaisip

Basahin ang kwento…

### Si Tinay na Tapat



Sabado ng umaga. Magluluto ang nanay ng adobong manok. Nakita niyang wala ng tuyo kaya inutusan niya si Tinay na bumili sa tindahan sa kanto. Habang siya ay naglalakad pauwi ng bahay nakita niyang sobra ang sukli ni Aling Pacita. Kaya dali-dali siyang bumalik at isinauli ang sobrang sukli. Tuwang-tuwa si Aling Pacita sa ginawa ni Tinay at ikinuwento niya ito sa mga bumibili sa kanyang tindahan. Simula noon tinawag na si Tinay na Tinay Tapat.

Sagutin:

1. Ano ang iniutos ng nanay kay Tinay?
2. Ano ang natuklasan ni Tinay habang siya ay naglalakad?
3. Bakit natuwa si Aling Pacita?
4. Bakit siya tinawag na Tinay Tapat?
5. Kung ikaw si Tinay, ganun din ba ang iyong gagawin?

Laging isaisip ang sumusunod:

1. Sabihin ang tunay na pook o lugar at mga kasama sa pupuntahan.

2. Sabihin ang tunay na oras ng pag-alis at pag-uwi.

3. Sabihin ang tunay na dahilan ng kasalanang nagawa.

4. Sabihin ang tunay na halaga ng kailangang pera.

5. Iwasan ang pagkuha ng pag-aari ng iba.

6. Iwasan ang pandaraya sa tahanan, paaralan at sa pamayanan.

7. Isauli sa tunay na may-ari ang napulot na bagay.

8. Isauli ang labis na sukli.

9. Isauli ang anumang hiniram na bagay.

10. Maging tapat sa anumang pangako.



## Isagawa

### Gawain 1

Panuto: Basahin ang mga sitwasyon. Pumili ng kapareha at pag-usapan kung ano ang dapat gawin.

1. Inutusan ka ng nanay na bumili ng sampung pisong asin. Nakatawad ka ng dalawang piso.
2. Kasama ka ng iyong ate papuntang palengke. Sumakay kayo ng dyip. Nakita mong hindi nagbayad ang iyong ate ngunit nang tinanong siya ng konduktor, ang sinabi niya ay nakabayad na.

### Gawain 2

Panuto: Iguhit ang ☺ kung nagsasaad ng pagkamatapat at ☹ kung hindi.

◯ 1. Nagpaalam si Andrei na pupunta sa bahay ng kaklase subalit nakipaglaro siya sa mga batang kalye.

2. Humingi ng pera si Aiza pambili ng bolpen. Bumili siya ng sorbetes sa halip na bolpen.

3. Nakita ni Paulo na nalaglag ang P100 ng kanyang kuya. Pinulot niya ito at ibinalik sa kuya.

4. Binigyan si Aiza ng kanyang Tiya Elena ng P500 para sa kanilang magkapatid. Hinati niya ito at ibinigay sa kapatid.

5. May proyekto sa Math sina Angelo. Humingi siya ng tamang halaga ng ibabayad sa kanyang tatay.

**Gawain 3**


Humanap ng kapareha at ibahagi ang kuwento ng ginawa mong katapatan. Pagkatapos mong magkwento, pakinggan ang kwento ng kapareha.



## Isapuso

Ang pagiging matapat ay pagsasabi ng totoo. Marami ang natutuwa sa isang batang matapat. Maging matapat sa lahat ng oras.

Isipin mo ang mga ginawa mong tapat sa iyong mga magulang. Isulat mo ito sa iyong "Kahon ng Kayamanan." Gawin ito sa papel.




Ang pagiging matapat ay maituturing na isang kayamanan na hindi mapapalitan.




## Isabuhay

Marami ka bang natutuhan sa ating aralin tungkol sa pagiging matapat?

Gumawa ng Poster ng Pagiging Matapat. Idikit sa gitna ng papel ang iyong larawan. Iguhit sa paligid nito ang mga nagawa mong katapatan. Ipaskil ang poster.





## Subukin

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sobra ang sukli ng tindera. Ano ang gagawin mo?
   a. Itago ang pera
   b. Ibalik sa tindera
   c. Ibahagi sa kaibigan

2. Nakita mo ang iyong kaibigan na nangongopya sa mga aklat habang may pagsusulit.
   a. Gayahin siya upang tumaas ang iyong marka.
   b. Magkunwaring hindi mo siya nakita dahil kaibigan mo siya.
   c. Sabihin sa guro na nangongopya ang iyong kaibigan.

3. Aksidenteng nabasag mo ang pinggan. Ano ang gagawin mo?
   a. Sabihin ang totoo sa nanay.
   b. Ligpitin ang nabasag na pinggan.
   c. Sabihing ang kapatid na bunso ang nakabasag.

4. Nanghiram ka ng aklat sa iyong kaklase. Nabasa ito ng ulan.
    a. Patuyuin ang aklat bago ito isauli.
    b. Sabihin ang totoong dahilan ng pagkasira ng aklat.
    c. Bumili ng bagong aklat upang mapalitan ang hiniram.


5. Naiwala mo ang perang pambili ng aklat.
    a. Huwag nang bumili ng aklat.
    b. Sabihin sa nanay at tatay na naiwala mo ang pera.
    c. Manghiram ng aklat sa kaibigan at ipakita sa nanay.

# Aralin 4: Mahal Ko ang Aking Kapwa




Tumutulong ka ba sa kapwa? Nakapagbigay ka na ba ng tulong sa nangangailangan? Ano ang pakiramdam kapag nakatutulong ka sa mga taong nangangailangan?

Sa nakaraang aralin, pinag-aralan mo ang pagiging matapat sa lahat ng oras. Sa araling ito, aalamin naman natin kung paano tumulong sa kapwa.



## Alamin

 ka ba?

Iguhit ang  kung ginagawa mo ang sinasabi ng mga pangungusap sa kahon.

| | |
|---|---|
| | 1. Ipinagagamit ko ang aking mga laruan sa aking mga kalaro. |
| | 2. Kung nakakakita ako ng batang umiiyak, tinatanong ko ang dahilan. Pinatatawa ko siya. |
| | 3. Nagpapamigay ako ng aking gamit para sa mga nangangailangan. |
| | 4. Hinahatian ko ng baon ang kaklase kong walang baon. |
| | 5. Tumutulong ako sa abot ng aking makakaya. |
| | 6. Dumadalaw ako sa may sakit na kaanak. |



## Isaisip

“Mahal ko ang aking kapwa” ang islogan ng batang mabuti. Mahal niya ang kapwa lalo na ang nangangailangan. Handa siyang magbigay. Handa siyang tumulong.

Maaari ring tumulong sa pagdarasal. Maaari ring magbigay kung kaya. Pinagpapala ng Panginoon ang batang mabuti.

Basahin:

### Si Wigan

Isang batang Ifugao si Wigan. Mahal niya ang kanyang mga kababayan lalo na ang mga batang Ifugao.

Sa kanilang barangay, maraming bata ang may sakit dahil sa kakulangan sa pagkain. Gustong-gusto niyang tumulong sa mga batang katulad niya subalit wala siyang kakayahan.

Ang tangi niyang magagawa ay ibahagi ang kanyang pagkain sa kanyang mga kapitbahay. Hinahati niya ito at ibinibigay sa mga bata.

Ginagamit ng kanyang ate ang mga napitas na gulay mula sa kanyang gulayan. Ilan sa mga ito ang malunggay at sibuyas. Isinasahog niya ito sa gulay na mais at munggo. Tumutulong si Wigan na maihanda ito. Pinakakain nila ang mga batang walang baon.

**Sagutin:**

1. Sino si Wigan? Ano ang maganda niyang katangian?

2. Kung ikaw si Wigan, paano mo tutulungan ang mga batang maysakit?

3. May karanasan ka ba na katulad ng ginagawa ni Wigan? Maaari mo bang ikwento?


4. Gusto mo bang tularan si Wigan? Bakit?



## Isagawa


## Gawain 1

Panuto: Kulayan ang larawang nagpapakita na mahal mo ang kapwa. Magkuwento tungkol sa iyong iginuhit.










## Gawain 2

Panuto: Gumupit ng mga larawang nagpapakita ng pagkakawanggawa o pagmamalasakit. Idikit ito sa loob ng kahon. Sumulat ng isang pangungusap tungkol dito.

## Gawain 3

Panuto: Gumawa ng poster. Iguhit ang ginagawa mong pagtulong sa inyong paaralan. Lagyan ng usapan.

| **Sa Silid Aralan** | **Sa Kantina** |
|---|---|
| **Sa Palaruan** | **Sa mga Kaklase** |



## Isapuso

Ang pagbibigay ng tulong sa kapwa ay dapat nasa puso. Isinasagawa ang pagtulong sa kapwa sa iba't ibang paraan.


Isapuso mo: Nagbabahagi ka ba ng mga kagamitan mo na hindi mo na ginagamit? Kabilang sa mga ito ang damit, laruan at iba pa. Iguhit ang iyong saloobin.



## Isabuhay

May mga bagay ka bang hindi na ginagamit? Gumawa ng listahan kung kanino mo ito ibibigay.

| Ano ang ibibigay? | Pangalan ng Bibigyan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



## Subukin

## Iguhit Mo ang Sagot Mo!

**Panuto:** Iguhit ang ☺ kung ginagawa mo ang isinasaad ng pangungusap at ☹ kung hindi.

| | |
|---|---|
| | 1. Ibinabahagi ko ang baon kong pagkain sa mga kaklase kong walang baon. |
| | 2. Pinahihiram ko ng kagamitan sa paaalan ang mga kaklase kong walang gamit. |
| | 3. Ibinabahagi ko ang mga gamit at laruan kong hindi na ginagamit sa mga batang nangangailangan. |
| | 4. Tumutulong ako sa pagbabahagi ng mga pagkain sa mga biktima ng kalamidad. |
| | 5. Binibigyan ko ng pagkain o laruan ang mga batang namamalimos sa kalye. |